# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## BS200 Ang Mga Patriarchs

### CBS207 Jacob at Laban

**Conrad Jun Tolosa**

### *Ang Pagtakas ni Jacob*

Napag-alaman ni Jacob na hindi na maganda ang pinag-iiisip ng mga anak ni Laban patungkol sa kanyang katayuan. Maging ang dati-rating mahusay na pakikitungo sa kanya ni Laban ay nagbago na rin. Sa sandaling ito inutusan ng Panginoon si Jacob na magbalik na sa lupain ng kanyang mga ninuno sa Canaan. Ang utos na ito ay may kasamang pangako ng pagsama ng Diyos sa kanya.

Tinakas nga ni Jacob ang kanyang sambahayan sampo ng kanyang mga alagang hayop palayo kay Laban. Subalit tinangay ni Rachel ang mga diyos-diyosan ng kanyang ama nang hindi nalalaman ng kanyang asawa; bagay na nagbunga ng pagtugis sa kanila ni Laban.

Sa pagkakataong ito binahagi ni Jacob kay Rachel at Leah ang kanyang saloobin patungkol sa mga masamang intensyon ng kanilang ama laban sa kanya. Hindi pinayagan ng Diyos na si Jacob ay masaktan ng panahong ito. Sinabi pa ni Jacob na ang Diyos ang nagpalago ng kanyang kawan habang kumonti naman ang kay Laban.

Dala ang lahat ng kanyang ari-arian at mga alagang hayop, palihim na nagsimulang maglakbay pabalik sa Canaan si Jacob at ang kanyang buong sambahayan. Pagkaraan ng tatlong araw, nalaman ni Laban ang ginawang paglisan nila Jacob. Tinipon niya ang kanyang mga tauhan upang habulin sila. Inabutan nila ang household ni Jacob makalipas ang pitong araw, sa maburol na bansa ng Gilead.

Subalit, bago pa man may magawa si Laban, binalaan siya ng Diyos. *Huwag mong panghimasukan si Jacob!* Ang sabi sa kanya ng Panginoon.

Mula sa pagdating ni Jacob sa lupain ni Laban hanggang sa kanyang paglisan, nalaman natin na ang katapatan ng Diyos kay Jacob ay tunay. Tinupad ng Lord ang Kanyang pangako.

Kung susumahin natin ang mga pangakong ito ng Lord, tatlong bagay ang maliwanag: Bayan, Lupain at Pagpapala. Ang Diyos ay mayroong Chosen People, Promised Land and Countless Blessings.

Ang katapatan ni Cristo ay hindi lamang sa ilang bahagi ng ating lakbayin kundi from beginning to end; hindi lamang in some of the way, but all the way.

### *Ang Pakikipagtipan ni Jacob*

Inabutan ng pangkat ni Laban ang sambahayan ni Jacob sa maburol na bansa ng Gilead. Ibinuhos ni Laban ang kanyang sama ng loob sa ginawang pagtakas ni Jacob dahil sa hindi man lamang niya nahagkan ang kanyang mga anak at apo. Sana naman ay nabigyan man lamang niya sila ng despedida.

Ibinahagi ni Jacob ang kanyang pangamba na hindi pumayag si Laban na sumama sa kanya sina Leah at Rachel. At tungkol naman sa mga diyos-diyosan ni Laban minunagkahi ni Jacob na hanapin ang mga ito sa kanilang mga kagamitan. Hindi alam ni Jacob na tinangay ni Rachel ang mga diyos-diyosan ni Laban na kanyang itinago sa isang bag na nakasukbit sa kanyang camelyo.

Nang hindi makita ang mga diyos-diyosan sa kabila ng masusing paghahanap na ginawa ni Laban, si Jacob naman ang nagbuhos ng kanyang sama ng loob. Pinaalala ni Jacob kay Laban ang matapat niyang paglilingkod sa loob ng dalawanpung taon sa kabila ng pandaraya at panlalamang na sinapit niya sa kanyang mapanlinlang na pagkatao. Sinabi pa ni Jacob na kung hindi dahil sa pagpapalang kinamit niya mula sa kanyang Panginoong Diyos, matagal na siyang pinalayas ni Laban na walang maipapakitang kabuhayan.

Ang usapan ng dalawang panig ay natapos sa isang kasunduan - nakipatipan sila sa isa't isa na hindi nila gagambalain at sasaktan ang magkabilang kalahi.

Kinaumagahan, maagang gumising si Laban at hinalikan niya ang kanyang mga apo at mga anak at pinagpala sila; at siya at ang kanyang mga tauhan ay tuluyang nagpaalam. Nagpatuloy naman si Jacob sa kanyang pagbabalik-bayan bilang pagsunod sa kalooban ng Diyos.

***Multiple Choice:***

1. Anong bagay ang hindi matutunghayan natin sa kwento nila Jacob at Laban?
    a. Maaari kang pagsamantalahan maging kamag-anak mo ito.
    b. Ang maling *decision* o panlilinlang ay maaaring magdulot ng sanga-sangang problema.
    c. Kung walang *justice* na natatanggap sa *wrongdoings* na nae-experience, okay lang *to take matters in your own hands*.

2. Bakit hindi sinaktan ni Laban si Jacob ng abutan nila sila sa Gilead?
    a. Sapagkat mahal ni Laban ang kanyang manugang na si Jacob.
    b. Sapagkat nagmakaawa ang kanyang mga anak na sina Leah at Rachelle.
    c. Sapagkat binalaan siya ng Diyos.

3. Ano ang tamang statement?
    a. Walang makapananakit kay Jacob ng walang pahintulot ng Diyos.
    b. Kinilala ni Laban ang kapangyarihan ng Diyos ni Jacob kaya sinunod niya ang warning na natanggap niya.
    c. Both A and B

4. Ano ang dapat mong gawin kapag may ginawang mali sa iyo ang isang tao?
    a. Kausapin mo siya at siguruhin na hindi na kayo magkakasama muli kahit kailanman.
    b. Siya ay dapat mong kausapin ng masinsinan tungkol sa bagay na ito upang kayo ay magkaayos.
    c. Ikuwento mo muna sa isang close friend para siguradong may kakampi ka na.

5. Kung mayroong hindi pagkakaunawaan among relatives or friends, kailangang matutong magpatawad sa isa't isa at:
   a. mag-move-on at iwasan na ang isa't isa
   b. ungkat-ungkatin ang mga pangyayari sa tuwing magkikita kayo
   c. mag-move-on at pagharian ang pag-ibig at pagpapakumbaba sa isa't isa.

© Revised May 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.